## Tuon na nakasentro sa benepisyaryo na may mga indibidwal na pagsasala

Ang Sistema ng Pangangalaga sa SUD ng Alameda County **ay inilalagay kang nauna sa bagong** sistema ng panggamot sa SUD na pinondohan ng publiko **. Nagsisimula ito sa pagtatasa para sa mga angkop na pangangailangan sa serbisyo sa pamamagitan ng isang indibidwal na pagsasala gamit ang mga Pamantayan ng **American Society of Addiction Medicine (ASAM).**

**Ang pagtatasang ito ay sumisiguro na isasangguni ka sa pinakamainam na uri ng panggamot para sa iyong mga indibidwal na pangangailangan**. Makatutulong ito sa iyo na makamit ang paggaling at kasarinlan na mas episyente.

Sa sandaling naisangkot ka sa panggamot, **makatatanggap ka ng pangangasiwa ng kaso** para masiguro ang tuloy-tuloy na tagumpay at pag-uugnay sa ibang mga rekurso para itaguyod ang pangkalahatang kagalingan.

Sa sandaling mapauwi mula sa mga serbisyo ng panggamot, maaari mong maakses ang **mga serbisyo ng suporta sa paggaling** para sa tulong sa pagpapatuloy ng kanilang paglalakbay patungong paggaling.

## Higit pang mga serbisyo sa SUD na mayroon para sa mga residente ng Alameda County

Ang mga serbisyo na base sa ebidensiya ay magiging batong panulukan ng bagong Sistema ng Pangangalaga sa SUD Lahat ay makatatanggap ng mga serbisyo na kilala na lilikha ng mga resulta.

Magkakaroon ng akses ang mga residente ng Alameda County sa higit na panggamot at mga lebel sa paggaling ng pangangalaga sa SUD, kasama ang:

- **Panggamot na Outpatient:** Hanggang 9 na oras ng mga serbisyo kada linggo, kasama ang grupo at indibidwal na pagpapayo
- **Intensibong Outpatient:** 9 hanggang 19 na oras kada linggo, kasama ang grupo at indibidwal na pagpapayo
- **Tirahan sa Pagpapagaling** (tinatawag ding: Mga Kapaligiran sa Matinong Pamumuhay): Kuwarto at pagkain habang nakikilahok sa mga serbisyo ng panggamot sa outpatient na ibinibigay sa labas ng lugar.
- **Panggamot na Pangtirahan:** Mababa at mataas na intensidad na mga serbisyo na panggamot na pangtirahan sa SUD
- **Pangangasiwa sa pagtigil sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga:** 24/7 suporta sa pag-alis ng lason at sa pagiging matino na klinikal na pinangasiwaan
- **Programa sa Panggamot sa Opyo (OTP) / Panggamot na Tinutulungan ng Gamot (MAT)**

## Isang mas madaling paraan para i-akses ang mga serbisyo

Kung ikaw ay interesado na malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng alak o droga na mayroon mula sa Sistema ng Pangangalaga sa SUD ng Alameda County, mangyaring kontakin ang **Helpline sa Akses at Referral sa Paggamit ng Alak o Droga ("ang Helpline") sa 1-844-682-7215.** Ikaw ay ikokonekta sa isang tagapayo sa paggamit ng alak o droga na maaaring sumagot tungkol sa mga serbisyo sa SUD, at maaaring salain at isangguni ka sa mga angkop na serbisyo kung kinakailangan.

Ang Helpline ay bukas Lunes hanggang Biyernes, 8am hanggang 9pm. Ang mga tawag na ginawa pagkatapos ng mga oras ay sasagutin ng mga Serbisyo sa Suporta sa Krisis (CSS). Anumang mga mensahe na iniwan sa CSS ay sasagutin ng Helpline sa susunod na araw na may pasok

Pakitandaan: Ang Helpline ay hindi nagbibigay ng anumang mga serbisyo sa pagpapayo sa SUD



**Isang bagong sistema ng panggamot sa SUD na nagpupunyaging sumuporta sa *iyo* sa pamamagitan ng bawat yugto ng paggaling kasama ang mga clinicians at tagapagkaloob na nakikipagtulungan para masiguro ang matagumpay na pakikisangkot at tagumpay sa paggaling.**

** Ang mga pinondohan ng publiko na serbisyo ng SUD ay mayroon para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal, HealthPAC, ang mga taong karapat-dapat para sa Medi-Cal, at mahihirap na




**Simula sa ika-1 ng Hulyo, 2018, ang Sistema ng Pangangalaga sa SUD ng Alameda County ay Nagbabago Na May mga Pinahusay**

Ang Sistema ng Pangangalaga sa SUD ng Alameda County SUD ay **inuuna ka.**

Alamin pa kung paano ka maaaring:

- Makaakses sa higit pang mga serbisyo at panggamot ng SUD
- Magpasala at matasa para sa pinakaangkop na lebel ng mga serbisyo sa panggamot
- Makipag-usap sa mga ta-gapagkaloob na matapat sa

Akses sa mga serbisyo na SUD na ibinibigay ng Sistema ng Pangangala-ga na SUD ng Alameda County sa pa-mamagitan ng pagtawag:

**Helpline sa Akses at Referral sa Paggamit ng Alak o Droga**

**1-844-682-7215**

Lunes hanggang Biyernes

8am hanggang 9pm

*Ang mga tawag na ginawa pagkatapos ng mga oras ay sasagutin ng mga Ser-bisyo sa Suporta sa Krisis (CSS). Anu-mang mga mensahe na iniwan ng CSS ay sasagutin ng Helpline sa Akses at Referral sa Paggamit ng Alak o Droga sa susunod na araw na may pasok*

Para sa tulong sa pangangasiwa sa agarang pagtigil sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga, tumawag kay:

**Cherry Hill Detox at Sobering Station**

**1-866-866-7496**

Alameda County Behavioral Health Care Services

**Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Pag-uugali ng Alameda County**
**2000 Embarcadero Cove**
**Oakland CA 94606**

**May mga katanungan tungkol sa brosyur na ito?**

# Mga Pagpapahusay sa Sistema ng Pangangalaga sa Paggamit ng Alak o Droga (SUD) ng Alameda County




**Impormasyon na ibinibigay ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Pag-uugali ng Alameda County, Sistema ng Pangangalaga sa Karamdaman ng**

Tagalog